

Regulasyon Sa Sarili at Akademikong Performans Ng Mga Mag-aaral Sa Batsilyer Ng Sekondaryang Edukasyon Medyor Ng Filipino Sa Jose Rizal Memorial State University-Siocon Campus

Teresa Lumopong, MAFIL; Leo C. Naparota, PhD

*Faculty, Jose Rizal Memorial State University, Siocon Campus, Siocon, Zamboanga del Norte, Philippines
Dean, College of Arts and Sciences and School of Criminal Justice Education, Andres Bonifacio College, Inc.,
Dipolog City, Philippines*

ABSTRAK : Ang pag-aaral na ito ay naglalayong tukuyin ang antas ng akademikong regulasyon sa sarili ng mga mag-aaral sa Batsilyer ng Sekondaryang edukasyon medyor ng Filipino at ang impluwensya nito sa kanilang akademikong performans sa unang semestre panuruang taon 2023-2024. Gumamit ito ng descriptive-correlational na pamamaraan ng pananaliksik. Ang mga istatistikang kasangkapan na ginamit ay ang bilang ng mean, standard deviation, at Spearman Rank-Order Correlation Coefficient (Spearman rho), gamit ang Jamovi bilang estadistikal na software. Mayroong pitumpu't limang (75) respondente na kasali sa pag-aaral. Ang antas ng akademikong sariling regulasyon ay napakataas habang ang antas ng akademikong performans ay napakagaling. Walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga antas ng regulasyon sa sarili at akademikong performans. Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda ng mananaliksik na ang mga nangungunang opisyal ng JRMSU System, sa pamamagitan ng System Dean ng Kolehiyong Edukasyon, ay gamitin ang mga natuklasan ng pag-aaral bilang batayan para sa pagbalangkas ng panukalang pagsasanay na magpapabuti sa kakayahan ng mga guro. Ang mga guro ay gamitin ang mga natuklasan ng pag-aaral na ito bilang batayan sa pagbuo ng iba't ibang estratehiya na magpapalakas sa mga estudyante na magtagumpay sa kanilang mga kurso. Ang mga estudyante ay gamitin ang mga natuklasan ng pag-aaral na ito bilang gabay sa pagninilay sa kanilang mga gawi sa buhay kolehiyo.

MGA KEYWORDS: *sariling regulasyon, akademikong performans, mga estudyante ng BSED Filipino, JRMSU Siocon, Zamboanga del Norte, Pilipinas*

I. INTRODUCTION

Ang regulasyon sa sarili o "self-regulation" ay isang mahalagang aspeto ng pagkatuto at tagumpay sa buhay. Tumutukoy ito sa kakayahan ng isang indibidwal na kontrolin at pamahalaan ang kanyang emosyon, kognisyon, at kilos upang makamit ang mga layunin. Sa konteksto ng edukasyon, ang regulasyon sa sarili ay may malaking epekto sa akademikong performans ng mga mag-aaral. Ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng regulasyon sa sarili ay mas madalas na nakakamit ng mas mataas na marka at nagpapakita ng positibong pag-uugali sa pag-aaral. Ayon kay Banu (2013), ang regulasyon sa sarili ay nakakuha ng katanyagan sa buong mundo sa larangan ng pagtuturo ng wika, dulot ng kamakailang interes sa aktibong papel na ginagampanan ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan.

Layunin ng edukasyon na tulungan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng mga kasanayan sa sariling regulasyon upang mapahusay ang kanilang pagkatuto sa kabuuan ng kanilang pag-aaral. Ayon kina Sahranavard et al. (2018), ang mga mag-aaral na nagtataglay ng katangian ng pagiging self-regulated o may "sariling pamamahala" ay aktibong nakikibahagi sa proseso ng pagkatuto. Kasama rito ang pamamahala sa kanilang emosyon, motibasyon, at mga kakayahan sa pag-iisip, na nagreresulta sa mas mahusay na pagganap sa edukasyon. Ayon kina Salleh et al. (2021), ang regulasyon sa sarili ay nakakatulong sa epektibong pagtatakda ng layunin at nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na makibagay sa iba. Ang mababang antas ng regulasyon sa sarili sa mga mag-aaral ay maaaring humantong sa mga problema sa pag-uugali, mental na kalusugan, at mga kahirapan sa akademikong pagganap. Ayon kay Capuno (2019), malaki ang ginagampanan ng regulasyon sa sarili sa karamihan ng mga yugto ng kontemporaryong sibilisasyon. Dagdag pa rito, ayon kay Wildauer (2017), ang regulasyon sa sarili ay mahalaga, lalo na para sa mga mag-aaral, upang mapahusay ang pagkakaisa sa lipunan at pangunahing sikolohikal na kagalingan.

Ang pagkakaroon ng malakas na kasanayan sa regulasyon sa sarili ay nagreresulta sa mataas na antas ng komunikatibong kompetensi. Ginagampanan ng regulasyon sa sarili ang isang mahalagang papel sa pagkamit ng pinakamainam na performans ng mga mag-aaral. Ayon kina Hafnidar et al. (2021), ang mga mag-aaral ay kailangang magsagawa ng regulasyon sa sarili, lalo na kapag nakakaranas sila ng mga hamon sa paggawa ng mga takdang-aralin at pagsasanay sa pag-aaral. Ayon kay Daniela (2015), nakumpirma na ang mataas na antas ng regulasyon sa sarili ay nangangailangan ng mas mataas na antas ng pagganyak. Pinaniniwalaan din na ang regulasyon sa sarili ay may mahalagang impluwensya sa koneksyon sa pagitan ng akademikong performans. Ipinakita ng mga natuklasan ang ugnayan sa pagitan ng paggamit ng regulasyon sa sarili, akademikong performans, at pakikipag-ugnayan sa mga online na aktibidad ng mga mag-aaral (Pardo, 2016). Ayon kina Marosanova at Fomina (2017), ang regulasyon sa sarili ay nagsisilbing tagapamagitan sa koneksyon sa pagitan ng mga resulta ng pagsusulit ng mga mag-aaral at ng kanilang akademikong performans.

Ang akademikong performans ng mga mag-aaral ay isang mahalagang aspeto ng kanilang pag-aaral at tagumpay sa edukasyon. Tumutukoy ito sa kakayahan ng isang mag-aaral na makamit ang mga layunin sa akademiko, tulad ng mataas na marka, aktibong partisipasyon sa klase, at tagumpay sa mga takdang-aralin at proyekto. Gayunpaman, hindi lamang ang katalinuhan ang nagtatakda ng tagumpay ng mga mag-aaral. Ayon sa mga pag-aaral, ang regulasyon sa sarili o self-regulation ay isang kritikal na salik na may malaking epekto sa akademikong performans. Ang regulasyon sa sarili ay tumutukoy sa kakayahan ng isang indibidwal na pamahalaan ang kanyang emosyon, kognisyon, at mga kilos upang magtagumpay sa isang layunin. Sa konteksto ng edukasyon, ang mga mag-aaral na may mataas na antas ng regulasyon sa sarili ay mas malaki ang posibilidad na magpakita ng mahusay na akademikong performans. Ang mga mag-aaral na may kakayahan sa regulasyon sa sarili ay mas magaling magplano ng kanilang oras, pamahalaan ang mga pang-abala, at manatilingmay motibasyon kahit sa harap ng mga pagsubok. Ang regulasyon sa sarili ay may malalim na ugnayan sa mga aspeto ng akademikong performans, tulad ng konsentrasyon, pagsunod sa mga patakaran, at pag-aaral ng mas epektibo.

Layunin ng mananaliksik na matukoy ang antas ng regulasyon sa sarili ng mga mag-aaral na kumukuha ng medyor sa Filipino at suriin ang impluwensya nito sa kanilang akademikong performans para sa taong panuruan 2023-2024. Sa mga mag-aaral ng Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon, Medyor ng Filipino sa Jose Rizal Memorial State University – Siocon Campus, isang mahalagang bahagi ng kanilang tagumpay sa kursong pinili ang kakayahang pamahalaan ang kanilang emosyon at motibasyon upang magtagumpay. Ang pag-aaral na ito ay layong suriin kung paano nakakaapekto ang regulasyon sa sarili sa akademikong performans ng mga mag-aaral at kung paano ito maaaring magsilbing susi sa kanilang tagumpay sa kanilang kurso. Sa kabuuan, ang regulasyon sa sarili ay hindi lamang isang kasanayan kundi isang mahalagang bahagi ng matagumpay na akademikong performans. Ang pagkakaroon ng malalim na pag-unawa sa ugnayan ng regulasyon sa sarili at akademikong performans ay makakatulong hindi lamang sa mga mag-aaral kundi pati na rin sa mga guro at tagapangasiwa ng edukasyon upang mapabuti ang mga pamamaraan ng pagtuturo at suportahan ang kanilang mga mag-aaral sa pag-abot ng kanilang buong potensyal.

II. RESEARCH OBJECTIVE

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang antas ng regulasyon sa sarili ng mga mag-aaral sa Batsilyer ng Sekondaryang Edukasyon medyor ng Filipino at ang impluwensya nito sa kanilang akademikong performans sa unang semestre, taong panuruan 2023-2024. Tiniyak ding masagot ang ugnayan ng regulasyon sa sarili at akademikong performans ng mga mag-aaral.

III. METHODOLOGY

Sa pag-aaral na ito, isinagawa ang isang correlational analisis upang matukoy ang makabuluhang relasyon sa pagitan ng regulasyon sa sarili at akademikong performans ng mga mag-aaral. Kasama sa pag-aaral na ito ang mga pamamaraan ng sarbey at descriptive-correlational na pananaliksik. Ang mga istatistikang kasangkapan na ginamit ay ang bilang ng mean, standard deviation, at Spearman Rank-Order Correlation Coefficient (Spearman rho), gamit ang Jamovi bilang estadistikal na software. Ginamit ang sarbey sapagkat nangalap ang mga mananaliksik ng datos sa pamamagitan ng isang talatanungang sumasaklaw sa regulasyon sa sarili at akademikong performans ng mga mag-aaral. Ayon kay Creswell at Guetterman (2019), ang sarbey ay isang paraan ng pananaliksik na ginagamit upang mangalap ng datos mula sa isang paunang natukoy na pangkat ng mga respondente, na may layuning makuha ang impormasyon at kaalaman tungkol sa iba't ibang paksang may kaugnayan sa pag-aaral. Samantala, ang correlational na pananaliksik ay isang uri ng non-experimental na pananaliksik na ginagamit upang sukatin, unawain, at suriin ang estadistikal na relasyon sa pagitan ng mga baryabol nang walang impluwensiya mula sa anumang panlabas na salik (Bhat, 2019).

Ang mga respondente sa pag-aaral ay isang kumpletong pagbilang ng isang daan at walo (108) mag-aaral sa Bachelor of Secondary Education Major in Filipino ng Jose Rizal Memorial State University Siocon Campus noong taong panuruan 2023-2024.

Ang talatanungan na ginamit sa pag-aaral ay hiniram kay Deci et al., (1992) at isinalin sa Filipino. Pagkatapos ay pinabalidate ito sa mga taong bihasa sa Filipino. Binubuo ito ng tatlong bahagi 1: Bahagi 2: Self-Regulation Scale (SRS) na pinagtibay nina Deci et al., (1992) ay binubuo ng tatlumpu't dalawang (32) aytem na hati sa apat (4) na mga *indicators*, kabilang ang: Panlabas na Regulasyon, Introjected na Regulasyon, Natukoy na Regulasyon at Intrinsic na Motibasyon. Bahagi 3: Akademikong Performans na kinuha mula sa university registrar na kinabibilangan ng mga sumusunod na mga asignatura.

IV. RESULTS AND DISCUSSION

Makikita sa Talahayan 1 Antas ng Akademikong Regulasyon sa Sarili sa Aspeto ng Panlabas na Regulasyon sa mga mag-aaral.

Talahayan 1.1

Antas ng Akademikong Regulasyon sa Sarili sa Aspeto ng Panlabas na Regulasyon

A. Panlabas na Regulasyon	Mean	SD	Deskripsyon	Interpretasyon
1. Ginagawa ko ang aking gawain upang hindi ako pagalitan ng guro.	4.69	0.54	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
2. Ginagawa ko ang aking gawain sa klase dahil iyon ang tuntunin.	4.69	0.73	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
3. Sinusubukan kong sagutin ang mahihirap na tanong dahil iyon ang dapat kong gawin.	4.52	0.55	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
4. Sinisikap kong maging maayos sa paaralan dahil iyon ang dapat kong gawin	4.84	0.47	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
5. Sinisikap kong maging maayos sa paaralan dahil mahihirapan ako kung hindi ko tatapusin ang aking mga gawain.	4.67	0.50	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
Kabuuan	4.68	0.42	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas

Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng naramdamang antas ng pagsasaayos ng sarili batay sa panlabas na regulasyon. Ipinapakita ng resulta na malakas na sumasang-ayon ang mga respondente na ginagawa nila ang kanilang mga gawain sa klase upang hindi sila sigawan ng guro at dahil iyon ang patakaran, sinasagot nila ang mahihirap na tanong at nagtatagumpay sa paaralan dahil iyon ang dapat nilang gawin, at upang hindi mapahamak. Sa kabuuan, nakakuha ang panlabas na regulasyon ng mean na 4.68 na may standard deviation na 0.42 na inilalarawan bilang malakas na pagsang-ayon at binibigyang kahulugan bilang napakataas. Ipinapakita ng natuklasang ito na napakataas ng panlabas na regulasyon ng mga respondente. Ang regulasyon sa sarili ay ang proseso kung saan ang mga mag-aaral ay nagpapagana, nagkokontrol, at nagtatasa ng kanilang sariling pagkatuto.

Ang mga mag-aaral na kumokontrol sa sarili ay nalalaman ang kanilang sariling lakas at mga kahinaan. Gumagamit ng metakognitib na mga pamamaraan at ibigay ang tagumpay at kabiguan sa nakokontrol na mga sanhi (Banu, 2013). Ayon kina Sahranavard et al.,, (2018), ang mga indibidwal ay maaaring panloob na magdirekta ng atensyon, pag-uugali, at emosyon upang maabot ang mga layunin at tumugon sa mga panlabas na pangangailangan, panloob na kapaligiran, at pagpapalano ng kurikulum. Ang pagpapataas sa sariling regulasyon ay maaaring magpataas ng mga emosyon (positibo at negatibo), may mataas na paniniwala sa sariling kakayahan at pagpapalano, at motibasyon upang umunlad.

Ipinapakita sa Talahanayan 1.2. ang interpretasyon ng bawat pahayag batay sa weighted mean at kabuuang weighted mean at standard deviation na nakuha hinggil sa mga antas ng akademikong regulasyon sa sarili sa aspeto ng introjected na regulasyon ng mga respondente. Ang resulta ay nagpapakitang palagi ang antas ng akademikong regulasyon sa sarili sa aspeto ng introjected na regulasyon.

Talahanayan 1.2

Antas ng Akademikong Regulasyon sa Sarili sa Aspeto ng Introjected na Regulasyon

B. Introjected Regulasyon	Mean	SD	Deskripsyon	Interpretasyon
1. Gagawin ko kung ano yung nakaatas na trabaho sa akin dahil gusto kong isipin ng guro na ako ay isang mabuting mag-aaral.	4.41	0.68	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
2. Ginagawa ko ang aking takdang aralin dahil sasama ang loob ko sa aking sarili kapag hindi ko ito natapos.	4.35	0.63	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
3. Sinisikap kong sagutin ang mahihirap na tanong sa klase dahil gusto kong isipin ng ibang mag-aaral na matalino ako.	3.55	1.04	Sumang-ayon	Mataas
4. Sinusubukan kong sagutin ang mga mahihirap na tanong dahil sasama ang loob ko sa aking sarili kung hindi ko susubukan.	4.01	0.81	Sumang-ayon	Mataas
5. Sinisikap kong maging mahusay sa paaralan upang iisipin ng aking mga guro na ako ay isang mabuting mag-aaral.	4.09	0.81	Sumang-ayon	Mataas
6. Sinisikap kong maging maayos sa paaralan dahil talagang masama ang tingin ko sa aking sarili kung hindi ako makakagawa ng mabuti.	3.91	0.90	Sumang-ayon	Mataas
Kabuuan	4.16	0.63	Sumang-ayon	Mataas

Ang Talahanayan 1.2 ay nagpapakita ng naramdamang antas ng pagsasaayos ng sarili batay sa introjected na regulasyon. Ipinapakita ng resulta na malakas na sumasang-ayon ang mga respondente na ginagawa nila ang kanilang mga gawain sa klase dahil nais nilang isipin ng guro na sila ay magaling at upang makaramdam sila ng kabutihan sa kanilang sarili. Sumasang-ayon din ang mga respondente na sinasagot nila ang mahihirap na tanong sa klase dahil nais nilang isipin ng ibang mag-aaral na sila ay matalino, nakakaramdam ng sama ng loob sa kanilang sarili kung hindi sila magsisikap, nagtatagumpay sa paaralan upang isipin ng kanilang mga guro na sila ay magagaling na estudyante, at hindi sila nakakaramdam ng sama ng loob kung hindi sila magtatagumpay. Sa kabuuan, nakakuha ang introjected na regulasyon ng mean na 4.16 na may standard deviation na 0.63 na inilalarawan bilang pagsang-ayon at binibigyang kahulugan bilang mataas. Ipinapakita ng natuklasang ito na mataas ang antas ng pagsasaayos ng sarili ng mga respondente batay sa introjected na regulasyon.

Ayon kina Gomes et al., (2019), kinokontrol ng mga mag-aaral ang kanilang mga pag-uugali sa pamamagitan ng pag-asa sa mga kahihinatnan na nauugnay sa sarili, tulad ng banta ng pagkakasala at kahihyan, o hindi inaasahang pagpapahalaga sa sarili.

Ipinapakita sa Talahanayan 1.3 ang interpretasyon ng bawat pahayag batay sa weighted mean at kabuuang weighted mean at standard deviation na nakuha hinggil sa mga antas ng regulasyon sa sarili sa aspeto ng natukoy na regulasyon ng mga respondente. Ang resulta ay nagpapakitang palagi ang antas ng regulasyon sa sarili sa aspeto ng natukoy na regulasyon.

Talahanayan 1.3*Antas ng Regulasyon sa Sarili sa Aspeto ng Natukoy na Regulasyon*

C. Natukoy na Regulasyon	Mean	SD	Deskripsyon	Interpretasyon
1. Ginagawa ko ang aking gawain sa klase dahil gusto kong matuto ng mga bagong bagay.	4.73	0.45	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
2. Sinusubukan kong sagutin ang mahihirap na tanong upang malaman kung tama ako o mali.	4.68	0.52	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
3. Sinisikap kong maging maayos sa paaralan dahil gusto kong gumawa ng magandang trabaho sa aking gawain sa paaralan.	4.56	0.58	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
Kabuuan	4.65	0.38	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas

Ang Talahanayan 1.3 ay nagpapakita ng naramdamang antas ng regulasyon sa sarili ayon sa natukoy na regulasyon. Ipinapakita ng datos na malakas na sumasang-ayon ang mga respondente na ginagawa nila ang kanilang mga gawain sa klase dahil nais nilang matuto ng mga bagong bagay, sinasagot ang mahihirap na tanong upang malaman kung tama o mali sila, at nagtatagumpay sa paaralan dahil gusto nilang magawa nang maayos ang kanilang mga gawain sa paaralan. Sa pangkalahatan, napakataas ang natukoy na regulasyon ng mga respondente. Ayon kina Gomes et al., (2019), ang Natukoy na Regulasyon ay isang mas autonomous na anyo ng extrinsic na motibasyon. Ang sariling regulasyong ito ay pinagtitibay dahil sa tinukoy na personal na halaga at kahalagahan ng isang partikular na aktibidad. Ang pagkakakilanlan ay nagbibigay-daan para sa mas sinasadyang pag-uugali, ngunit sa halip na ma-trigger ng kasiyahan, ang pag-uugali ay nakatutulong.

Ipinapakita sa Talahanayan 1.4 ang interpretasyon ng bawat pahayag batay sa weighted mean at kabuuang weighted mean at standard deviation na nakuha hinggil sa mga antas ng regulasyon sa sarili sa aspeto ng panloob na regulasyon ng mga respondente. Ang resulta ay nagpapakitang palagi ang antas ng regulasyon sa sarili sa aspeto ng panloob na regulasyon.

Talahanayan 1.4*Antas ng Regulasyon sa Sarili sa Aspeto ng Panloob na Regulasyon*

D. Intrinsic na motibasyon	Mean	SD	Deskripsyon	Interpretasyon
1. Ginagawa ko ang aking gawain sa klase dahil ito ay nagpasaya sa akin.	4.44	0.64	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
2. Nasisiyahan akong gawain ang aking takdang-aralin.	4.41	0.70	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
3. Sinusubukan kong sagutin ang mahihirap na tanong dahil nakakatutuwang sagutin ang ito.	4.27	0.72	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas
Kabuuan	4.35	0.62	Lubos na sumasang-ayon	Napakataas

Ang Talahanayan 8 ay nagpapakita ng naramdamang antas ng regulasyon sa sarili ayon sa intrinsic na motibasyon.

Ayon sa talahanayan, malakas na sumasang-ayon ang mga respondente na ginagawa nila ang kanilang mga gawain sa klase dahil sila ay masaya, nag-eejoy sila sa paggawa ng kanilang mga gawain sa klase, at sinusubukang sagutin ang mahihirap na tanong dahil ito ay masaya.

Ang kabuuang mean ay 4.35 na may standard deviation na 0.62 na inilalarawan bilang malakas na pagsang-ayon at binibigyang kahulugan bilang napakataas. Ipinapakita ng natuklasang ito na napakataas ang intrinsic na motibasyon ng mga respondente. Ayon kina Gomes et al., 2019, ang istilo ng regulasyon na ito ay nangangailangan ng makabuluhang pagkahinog, kamalayan sa sarili, at pagsisikap. Nagiging determinado sa sarili ang mga aksyon, na kahawig ng intrinsic na motibasyon sa maraming paraan. Gayunpaman ang pinagsama-samang regulasyon ay gumaganap pa rin nang instrumental, na ang kinalabasan ay nananatiling maihihiwalay sa gawi.

Ipinapakita sa Talahanayan 1.5 ang interpretasyon ng bawat pahayag batay sa weighted mean at kabuuang weighted mean at standard deviation na nakuha hinggil sa mga buod ng lebel ng regulasyon sa sarili ng mga respondente. Ang resulta ay nagpapakitang palagi ang antas ng regulasyon sa sarili sa aspeto ng panloob na regulasyon.

Talahanayan 1.5

Antas ng Akademikong Performans

Scale	Range of Values	Dekripsyon	Bilang	Mean	Deskripsyon/ Interpretasyon
5	1	Napakahusay	0		
4	1.1-1.5	Napakagaling	67		
3	1.6-2.5	Mabuti	7	3.9*	Napakagaling
2	2.6-3.0	Katamtaman	1		
1	3.1-5.0	Kabiguan	0		

Ang Talahanayan 1.5 ay nagpapakita ng antas ng akademikong performans ng mga respondente. Ayon sa datos, animnapu't pitong (67) mga respondente ang nakakuha ng napakagandang pagganap, pitong (7) maganda, at isa (1) lamang ang nakakuha ng may kabiguan.

Ang mean na 3.9 ay itinuturing at ibinabanghay bilang napakaganda. Ipinapakita ng naturang natuklasan na ang akademikong performans ng mga estudyanteng BSED-Filipino sa JRMSU-Siocon ay napakagaling. Ang mga estratehiya sa motibasyon at pagkatuto ay mga sukatan ng regulasyon sa sariling pagkatuto. Ang dalawang dimensyong ito ay may positibong kaugnayan sa akademikong pagganap. Ang napag-alamang ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na may mas mataas na motibasyon at mga estratehiya sa pagkatuto ay nakakamit ng mas mataas na akademikong tagumpay. Sa kabilang banda, ayon kina Ningrum et., al 2018, ang kabiguang magkaroon ng regulasyon sa sariling pagkatuto ay may dalawang anyo: kawalan ng regulasyon sa kognisyon at kawalan ng regulasyon sa motibasyon.

Ipinapakita sa Talahanayan 1.7 ang interpretasyon ng bawat pahayag batay sa weighted mean at kabuuang weighted mean at standard deviation na nakuha hinggil sa mga pagsusuri ng ugnayan sa pagitan ng antas ng akademikong regulasyon sa sarili at akademikong performans ng mga respondente. Ang resulta ay nagpapakitang palagi ang pagsusuri ng ugnayan sa pagitan ng antas ng akademikong regulasyon sa sarili at akademikong performans.

Talahanayan 1.6***Pagsusuri ng Ugnayan sa Pagitan ng Antas ng Regulasyon sa Sarili at Akademikong Performans***

Baryabol	rho-value	p-value	Interpretasyon
Akademikong Regulasyon sa sarili at Akademikong Performans	0.09	0.46	Negligible/Slight Correlation Positive Not Significant

Ang Talahanayan 1.6 ay nagpapakita ng pagsubok ng relasyon sa pagitan ng antas ng regulasyon sa sarili at akademikong performans. Sa paggamit ng Spearman Rank-Order Correlation Coefficient (Spearman rho), ang resulta ay nagpapahiwatig na walang makabuluhang relasyon sa pagitan ng antas ng akademikong regulasyon sa sarili at akademikong performans. Samakatuwid, hindi tinatanggi ang null hypothesis. Ang natuklasang ito ay nagpapahiwatig na walang makabuluhang epekto ang regulasyon sa sarili sa akademikong performans. Dagdag pa, ipinapakita ng natuklasan na hindi gaanong nakadepende ang akademikong performans sa akademikong regulasyon sa sarili. Ang kasalukuyang natuklasan ay sumasalungat sa pag-aaral nina Salleh et al., (2021), na kung saan ang sariling regulasyon ay nagpapabuti sa pagtatakda ng layunin at nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na makibagay sa iba. Ang mababang sariling regulasyon sa mga mag-aaral ay maaaring humantong sa mga problema sa pag-uugali at mental na kalusugan pati na rin ang mga kahirapan sa pagganap sa akademya (Salleh et al., S2021).

V. CONCLUSION AND RECOMMENDATIONS

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang antas ng akademikong regulasyon sa sarili ng mga mag-aaral sa Balsilyer ng Sekundaryang Edukasyon medyor ng Filipino at ang impluwensya nito sa kanilang akademikong performans sa unang semestre, taong panuruan 2023-2024.

Batay sa resulta, ng antas ng regulasyon sa sarili ay napakataas habang ang antas ng akademikong performans ay napakagaling. Walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng antas ng regulasyon sa sarili at akademikong performans. Ipinapakita ng resulta na ang antas ng regulasyon sa sarili batay sa panlabas na regulasyon, natukoy na regulasyon, at intrinsic na motibasyon ay napakataas, habang ang antas ng introjected na regulasyon ay mataas. Sa kabuuan, ang antas ng regulasyon sa sarili ay itinuturing na napakataas. Ipinakita rin ng pag-aaral ang isang makabuluhang positibong ugnayan sa pagitan ng saloobin ng mga mag-aaral sa pag-aaral at kanilang pagganyak sa tagumpay. Higit pa rito, natuklasan din na may positibong ugnayan sa pagitan ng intrinsic na motibasyon at akademikong performans ng mga mag-aaral, na makikita sa kanilang huling grado.

Mula sa kongklusyon, nakita ang napakataas na antas ng regulasyon sa sarili at natuklasan ang napakagaling antas ng akademikong performans. Walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng regulasyon sa sarili at akademikong performans.

Batay sa mga resulta at konklusyon, nagbibigay ang mananaliksik ng mga rekomendasyon. Ang mga mataas na opisyal ng JRMSU System, sa pamamagitan ng System Dean Ng College of Education, ay gamitin ang mga natuklasan ng pag-aaral bilang batayan sa pagbuo ng isang training proposal na magpapabuti sa kakayahan ng mga kasapi ng faculty. Ang mga kasapi ng faculty ay gamitin ang mga natuklasan ng pag-aaral bilang batayan sa pagbuo ng iba't ibang estratehiya na magbibigay inspirasyon sa mga mag-aaral na magpakita ng magandang pagganap sa kanilang mga kurso. Ang mga mag-aaral ay gamitin ang mga natuklasan ng pag-aaral bilang batayan para sa pagmumuni-muni sa kanilang mga gawi sa kanilang paglalakbay sa kolehiyo. Ang mga susunod na mananaliksik ay gamitin ang awput ng pananaliksik na ito bilang sanggunian.

ACKNOWLEDGMENT

Lubos na nagpapasalamat ang mga awtor ng pag-aaral sa lahat ng mga indibiduwal na nagkaroon ng malaking ambag lalong-lalo na sa mga mag-aaral bilang mga kalahok sa pag-aaral maging ang mga tagasuri sa mga sulatin ng mga mag-aaral.

REFERENCES

- [1] Abun, D., & Magallanes, T. (2021). Academic self-regulation of STET. of senior high school students of divine word colleges in region I, Philippines and their academic performance. Philippines and Their Academic Performance (March 19, 2021).
- [2] Akhtar, J. H. (2013). Development and validation of an academic self-regulation scale for university students. *Journal of Behavioural Sciences*, 23(2), 37.
- [3] Aldan Karademir, Ç., Deveci, Ö., & Çaylı, B. (2018). Investigation of secondary school students' self-regulation and academic self-efficacy. . *E-Kafkas Journal of Educational Research*, 5(3), 14-29.
- [4] Amro, H. J., & Kupczynski, L. (2015). The effects of age and gender on student achievement in face-to-face and online college algebra classes. . *Research in Higher Education Journal*, 27(1), 1–22.
- [5] Ayub, N. (2017). Effect of Intrinsic and Extrinsic Motivation on Academic Performance. Retrieved from http://www.academia.edu/2599275/Effect_of_intrinsic_and_extrinsic_motivation_on_academic_performance.
- [6] Banu, İ. N. (2013). The relationship between self-regulated learning strategies and academic achievement in a Turkish EFL setting. *Educational Research and Reviews*, 8(17), 1544.
- [7] Bhat, A. (2019). What is a correlational study? – Definition with examples. Retrieved from <https://www.questionpro.com/blog/correlational-research/>.
- [8] Capuno, M. (2019). Attitude and Academic Performance of Selected Junior High School Students in Filipino Subject. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 3(2).
- [9] Daniela, P. (2015). The relationship between self-regulation, motivation and performance at secondary school students. *Procedia-Social and Behavioral Sciences*, 191, 2549-2553.
- [10] Ergen, B., & Kanadli, S. (2017). The effect of self-regulated learning strategies on academic achievement: A meta-analysis study. . *Eurasian Journal of Educational Research*, 69(69), 55–74. <https://doi.org/10.14689/ejer.2017.69.4>.
- [11] Ghonsooly, B., & Ghanizadeh, A. (2013). Self-efficacy and self-regulation and their relationship: a study of Iranian EFL teachers. *The Language Learning Journal*, 41(1), 68–84. <http://dx.doi.org/10.1080/09571736.2011.625096>.
- [12] Gomes, M., Monteiro, V., Mata, L. P., Santos, N., & Sanches, C. (2019). The Academic Self-Regulation Questionnaire: a study with Portuguese elementary school children. *Psicologia: Reflexão e Crítica*, 32.
- [13] Hafnidar, H., Harniati, I., Hailemariam, M., & Handrianto, C. (2021). Students self-regulation: An analysis of exploratory factors of self-regulation scale. *Spektrum: Jurnal Pendidikan Luar Sekolah (PLS)*, 9(2), 220-225.
- [14] Keyser, J. N., & Viljoen, M. C. (2015). Self-regulated learning as predictor of academic performance. *Journal for New Generation Sciences*, 13(3), 87-100.
- [15] Montroy, J. J. (2014). The development of behavioral self-regulation across preschool and its association with academic achievement. [Doctoral thesis, Michigan State University]. United States.
- [16] Morosanova, V. I., & Fomina, T. G. (2017). Self-regulation as a Mediator in the Relationship between Anxiety and Academic Examination Performance. *Procedia-Social and Behavioral Sciences*, 237, 1066-1070.
- [17] Mutangi, K. (2016). Understanding Factors Affecting Performance in an Elementary Biostatistics Course at Harare Institute of Technology. *American Journal of Educational Research*, 4(6), 479–483. <https://doi.org/10.12691/education-4-6-6>.
- [18] Ningrum, R. K., Kumara, A., & Prabandari, Y. S. (2018). The relationship between self-regulated learning and academic achievement of undergraduate medical students. . *In IOP Conference Series: Materials Science and Engineering (Vol. 434, No. 1, p. 012155)*. IOP Publishing.
- [19] Oclaret, V. (2021). Impact of Academic Intrinsic Motivation Facets on Students' Academic Performance. <https://www.researchgate.net/publication/353751525>
- [20] Palos, R., Magurean, S., & Petrovici, M. C. (2019). Self-Regulated Learning and Academic Performance- The Mediating Role of Students' Achievement Goals. *Revista de Cercetare Si Interventie Sociala*, 67.
- [21] Pardo, A. H. (2016). Exploring the relation between self-regulation, online activities, and academic performance: A case study. . *In Proceedings of the sixth international conference on learning analytics & knowledge (pp. 422-429)*.
- [22] Sahranavard, S., Miri, M. R., & Salehiniya, H. (2018). The relationship between self-regulation and educational performance in students. *Journal of education and health promotion*, 7(1), 154.
- [23] Sahranavard, S., Miri, M. R., & Salehiniya, H. (2018). The relationship between self-regulation and educational performance in students. *Journal of education and health promotion*, 7.

- [24] Salleh, R. R., Ismail, N. A., & Idrus, F. (2021). The relationship between self-regulation, self-efficacy, and psychological well-being among the Salahaddin University undergraduate students in Kurdistan. *International Journal of Islamic Educational Psychology*, 2(2), 105-126.
- [25] Summary, E. (2014). Investigation of self-regulation and problem solving skills of prospective elementary teachers 1. . *International Online Journal of Educational Sciences*, 6(2), 413–428. <https://doi.org/http://dx.doi.org/10.15345/iojes.2014.02.014> ©.
- [26] Wildauer, J. M. (2017). Reflected Academic self-efficacy: How teacher behavior influences self-efficacy in the classroom [Master thesis, Minnesota State University] United States.
- [27] Xiao, S., Yao, K., & Wang, T. (2019). The relationships of self-regulated learning and academic achievement in university students. In SHS web of conferences (Vol. 60, p. 01003). EDP Sciences.